WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY
COLLEGE OF EDUCATION
**GRADUATE SCHOOL**
Iloilo City

# KAKAYAHAN AT MGA KARANIWANG KAMALIAN SA PAGSULAT NA NAIIMPLUWENSIYAHAN NG KADALASAN NG *TEXT MESSAGING*

Tesis Na Iniharap

sa mga Guro ng Paaralang Gradwado

Kolehiyo ng Edukasyon

Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisaya

Lungsod ng Iloilo

Bilang Bahagi ng Pagtupad

ng mga Gawaing Kailangan Sa Pagtatamo ng Titulong

Master ng mga Sining sa Edukasyon

(Filipino)

GRADUATE STUDIES
LIBRARY
CENTRAL PHILIPPINE UNIVERSITY
LIBRARY
000013
ILOILO CITY

Eden P. Gomez

Marso 2006

Eden P. Gomez

Marso 2006

Eden P. Gomez "Kakayahan at mga Karaniwang Kamalian sa Pagsulat na Naiimpluwensiyahan ng Kadalasan ng *Text Messaging*" Di-nalathalang Masteral Tesis, Master ng mga Sining sa Edukasyon (Filipino) Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisaya, Marso 2006.

Abstrak

Ang *descriptive-correlational* na pag-aaral na ito ay may layuning alamin ang kakayahan at mga karaniwang kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral na naiimpluwensiyahan ng kadalasan ng *text messaging*. Tinangka ring mabatid kung may pagkakaugnay ang kadalasan ng *text messaging* at kakayahan nila sa pagsulat at kadalasan ng kamalian sa kasanayang ito. May 120 mga kalahok ang pag-aaral na ito na binubuo ng mga mag-aaral na kumukuha ng kursong AHSE (Associate of Health and Science Education) at may asignaturang Filipino 3a (Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina) sa Central Philippine University,

ikalawang semestre, taong-panuruan 2005-2006. Ang mga isinulat na komposisyon ng mga mag-aaral bilang kanilang proyekto sa Filipino 3a ang binasa at sinuri upang masukat ang kanilang kakayahan sa pagsulat. Ginamit ang *rubric* bilang batayan ng antas ng kanilang kahusayan sa gawaing ito at tinukoy kung ano ang kanilang mga karaniwang kamalian na may impluwensiya ng *text messaging*. Isang talatanungan ang ibinigay na naglalaman kung ilang beses magpadala ng mensahe sa pamamagitan ng *text messaging* sa loob ng 24 na oras ang mga kalahok. *Frequency count, percentage, ranking,* at *mean* ang mga istadistikang ginamit sa pag-aaral na ito upang mailarawan ang mga datos na natamo at *Spearman Rho* upang maipakita ang pagkakaugnay ng malayang baryabol at di malayang baryabol.

Napatunayan na ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat na may impluwensiya ng *text messaging* ay mekaniks, ayos ng pangungusap, at hindi angkop na mga salitang ginamit sa pagsulat kung saan hindi nagkaroon ng makabuluhang kaugnayan ang kadalasan ng kanilang *text*

*messaging* sa mga nabanggit na kamalian dahil mas higit ang nagkaroon ng bihirang kadalasan ng kamalian dito. Mga salitang panghalip naman ang higit na nagkaroon ng impluwensiya ng *text messaging* sa ispeling. Sa kabilang banda, ang kadalasan ng kanilang *text messaging* ay nakapaghina ng kanilang kakayahan sa maunlad at mabisang pagpapahayag ng kaisipan at niloloob sa pagsulat.